| ENGLEWOOD HOSPITAL AND MEDICAL CENTER | | NO.: 400.35 |
|---|---|---|
| **MANUAL NG PATAKARAN AT PROSESO - SEKSYON**<br><br>**Mga Administratibo at Pansuportang Serbisyo** | **PAKSA:**<br><br>**Patakaran sa Pinansyal na Tulong** | **PETSA: 1/1/2016** |
| | |  |
| | | **PINAPALITAN ANG: Bago** |
| | | **NIREPASO:** |

**Patakaran**

Ginagamot ng Englewood Hospital and Medical Center (EHMC) ang lahat ng pasyente, mayroon o wala man silang kakayahang bayaran ang lahat ng pangangalagang pang-emergency at medikal na kinakailangan. Pinapagtibay at pinapalawak ng EHMC ang mga alituntunin sa pagsingil na nakasaad sa N.J.S.A §26:2H-12.52 “Limitasyon sa Mga Singilin para sa Ilang Partikular na Pasyenteng Walang Insurance” at nag-aalok ito ng pinansyal na tulong sa lahat ng pasyenteng walang insurance, gaano man kalaki o kaliit ang kanilang kita. Ang nasasaklaw lang ng patakarang ito ay ang lahat ng serbisyo sa pangangalagang medikal na kinakailangan at pang-emergency na medikal na pangangalaga na ibinigay ng Englewood Hospital and Medical Center at hindi nito nasasaklaw ang anumang mga serbisyo ng propesyonal na nauugnay sa naturang pangangalaga.

**Mga Proseso**

1.) Ang lahat ng pasyenteng walang insurance na hindi naaprubahan para sa Medicaid o Pangangalagang Pangkawanggawa (basahin ang Patakaran ng Programa ng Tulong sa Pagbabayad ng Pangangalaga sa Ospital/Pangangalagang Pangkawanggawa (Charity Care) ng New Jersey) ay sisingilin ng porsyento ng kanilang mga kabuuang bayarin. Alinsunod sa batas ng estado, katumbas ng pagbabawas na ito ang 115% ng mga rate sa Medicare ng EHMC. Gumagamit ang EHMC ng look-back method sa pamamagitan ng paghahati sa kabuuan ng lahat ng bayad ng Medicare gamit ang kabuuan ng lahat ng singilin sa Medicare sa loob ng nakalipas na labindalawang buwan upang matukoy ang halagang sisingilin. Ang mga pagbubukod dito ay kapag may mga paunang tinukoy na rate na ang pasyente mismo ang magbabayad (self-pay) para sa ilang partikular na proseso na hindi medikal na kinakailangan, gaya ng cosmetic surgery.

2.) Alinsunod sa mga regulasyon ng seksyon 501(r) ng IRS, inihahambing ng EHMC ang porsyentong tinutukoy at kinakalkula sa #1 sa itaas sa “look-back” method tulad ng nakadetalye sa 501(r), gamit ang lahat ng data ng mga claim, at ina-adjust nito ang porsyento ng diskwento ng pasyente sa kung alin sa dalawa ang mas malaki. Isinasagawa ang mga naturang pagkakalkula sa pangkalahatan upang matukoy ang diskwentong porsyento na ilalapat sa lahat ng serbisyong hindi nasasaklaw ng insurance, at hindi ayon sa serbisyo, alinsunod sa 501(r). Taun-taong isinasagawa ang mga pagkakalkulang ito at ipinapatupad bago lumipas ang 60 araw pagkatapos ng taon sa kalendaryo.

3.) Hindi kailangang mag-apply ng pasyenteng walang insurance para sa pinansyal na tulong dahil awtomatikong babawasan alinsunod sa porsyento ng mga kabuuang bayarin ang lahat ng bill ng pasyenteng walang insurance, tulad ng inilarawan sa #1 sa itaas. Walang mga pamantayan sa “pagiging kwalipikado,” bukod sa walang insurance ang pasyente at pang-emergency o medikal na kinakailangan ang ibinigay na serbisyo.

4.) Kung tanggihan ng kumpanya ng insurance ng pasyente ang kanyang claim sa mga dahilang gaya ng: nagamit na ang mga benepisyo, pang-eksperimento, medikal na pangangailangan, dati nang kundisyon, mga hindi nasasaklaw na singilin, atbp., sisingilin ang pasyente sa walang insurance na rate ng porsyento ng mga kabuuang bayarin tulad ng inilarawan sa #1 sa itaas.

5.) Sumangguni sa Patakaran ng Programa ng Tulong sa Pagbabayad ng Pangangalaga sa Ospital/Pangangalagang Pangkawanggawa ng New Jersey upang malaman ang Mga Proseso sa pag-a-apply para sa tulong sa pamamagitan ng Programa ng Tulong sa Pagbabayad ng Pangangalaga sa Ospital/Pangangalagang Pangkawanggawa ng New Jersey sa EHMC.

6.) Sumangguni sa Patakaran sa Pagsingil at Pangongolekta upang malaman ang mga proseso ng pagsingil at pangongolekta ng EHMC.

7.) Makakakuha ng hard copy ng patakarang ito sa Financial Counseling Department, gayundin sa lahat ng lugar kung saan May Access ang Pasyente sa Medical Center at sa lahat ng off-site na lokasyon ng EHMC. Mababasa rin ang patakarang ito sa website ng Englewood Hospital and Medical Center sa www.englewoodhealth.org

| | INAPRUBAHAN NI:<br><br>Warren Geller, Presidente at CEO |
|---|---|